
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa Lalawigan ng Batangas
Pinapatnubayan ng Marxismo–Leninismo–Maoismo

LAGABLAB NG BATANGAN

# Higit na palakasin ang Bagong Hukbong Bayan! Isulong ang matagalang digmang bayan!

Eduardo Dagli Command-BHB-Batangas
Marso 29, 2026




Taas-kamaong pagbati ang ipinapaabot ng Eduardo Dagli Command-NPA Batangas sa ika-57 anibersaryo ng pinakamamahal nating hukbong bayan. Sa araw na ito, nagpupugay tayo sa lahat ng rebolusyonaryong martir ng lalawigan ng Batangas na buong-pusong inialay ang kanilang buhay sa pagsusulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan (DRB). Binibigyang-pugay din natin ang lahat ng Pulang kumander, mandirigma, mga kasapi ng milisyang bayan at mga kadre at kasapi ng Partido na patuloy na humaharap sa buhay at kamatayang pakikibaka, at gayundin, ang masang inspirasyon at lakas ng rebolusyong Pilipino.

Sa 57 taon, napatunayan nito sa lalawigan na hindi magagapi ang Bagong Hukbong Bayan kahit sa kabila ng todong agresyon ng reaksyunaryong hukbo at superyoridad nito sa armas at ekonomya. Magiting na nilalabanan ng hukbong bayan ang mga berdugong AFP, PNP at CAFGU sa lalawigan sa pulitiko-militar sa kabila ng lahat ng balakid na pilit na ipinapataw ng mersenaryong hukbo at ng mga reaksyunaryong administrasyon mula sa diktadurang US-Marcos hanggang sa kasalukuyang rehimeng US-Marcos II. Kung walang hukbong bayan wala ni anuman ang mamamayan. Mataas ang pagkilala ng mamamayan sa lalawigan sa hukbong bayan dahil bitbit lagi ng Bagong Hukbong Bayan ang interes ng masang api at ang disiplinang bakal na nangangalaga sa interes na ito. Isinusulong nito ang Demokratikong Rebolusyong Bayan na ang pangunahing laman ay ang tunay na reporma sa lupa at pambansang

industriyalisasyon na para sa interes ng mamamayan na magiging pundasyon para sa tunay na pag-unlad at kakayahan ng bansang umasa sa sarili. Patuloy nitong isinusulong ang kapakanan ng masa lalo at sumisidhi ang kahirapang hinaharap ng mamamayang Batangueño sa kasalukuyan.

Laganap ang pangangamkam ng mga panginoong maylupa at malaking burgesyang komprador ng lupa ng masa na nagbubunsod ng kawalan ng kabuhayan, pagkasira ng kalikasan at ibayong kahirapan sa lalawigan. Kabilang dito ang 7,000 ektarya sa Hacienda Roxas, kung saan matapos linlangin ng gubyerno ang mga magsasaka na ipinamahagi sa kanila ang lupa sa ilalim ng huwad na repormang agraryo ay binawi ito sa kanila pabor sa panginoong maylupang si Roxas. Binigyang-daan ng gubyerno ang pagpapalit-gamit ng lupa mula sa pagiging tubuhan tungong malawak na kalsada mula Cavite hanggang Batangas para maglingkod sa dayuhang negosyo. Ipapatupad ang proyektong Batangas Forest City sa Mt. Banoi, isang forest reservation area na sisira sa suplay ng malinis na tubig na siyang pinagkukunan ng mga naninirahan sa palibot nito mula sa Lobo, Taysan at Batangas City. Miminahin naman ng kumpanyang Bluebird ang buong Naguiling Complex para kunin ang ginto at iba pang mineral sa bundok na ito. Maaapektuhan nito ang mga magsasaka at mangingisda sa buong bayan ng Lobo, pangunahin na ang Brgy. Balibago, dahil sa pagguho ng lupa sa baybay-dagat, habang sisirain nito ang kalikasan ng bulubundukin sa lalawigan.

Patuloy din ang kahirapan ng mga magsasaka at mangingsida dulot ng pangangamkam at pagpapalit-gamit ng kanilang mga lupang sakahan at mga pangisdaan. Itinatayo ang mga *solar farm, wind farm,* at iba pang *renewable energy projects, high-end subdivisions* at *eco-tourism sites* sa Balayan, Batangas City, Lian, Nasugbu, San Juan, Rosario at Tuy. Nagpapakasasa ang mga pamilyang panginoong maylupa at malalaking burgesyang kumprador tulad ng mga Sy, Puyat, Zobel, Rubio, Campos mula sa mga itinayo nilang negosyo sa mga lupain at baybaying pinagkukunan ng kabuhayan ng ordinaryong mamamayan.

Apektado din ang nasa 12,000 manggagawang-bukid at maliliit na plantador ng tubó matapos isara ang CADPI at isawalambahala ang mga umaasa sa industriya ng asukal bilang hanapbuhay. Pangunahing asukarera na ngayon sa lalawigan ang URC-SURE na pag-aari ng mga Gokongwei na nandaraya sa mga maliliit na magtutubó. Dahil monopolyado ng malalaking plantador ang pagpapailo dito, maraming maliliit na plantador ang hindi na naipapailo ang kanilang tubó. Binabarat ang presyo ng asukal, kung kaya't nabubulok na lang ang maraming tubó sa bukid.

Nananatiling mababa, at hindi nakabubuhay ang sahod ng mga manggagawa sa Batangas. Kontraktwal pa ang karamihan sa kanila at sinusupil ang mga nag-uunyon na nais lamang ay ipaglaban ang kanilang karapatan sa paggawa.

Samantala, ibayong pabigat sa iba't ibang sektor sa lalawigan ang mabilis na pagsirit ng presyo ng pangunahing bilihin gayong hindi na nakakasapat ang kanilang kinikita sa araw-araw. Pinalala ito ng lubhang pagtaas ng presyo ng langis dulot ng kasakiman sa tubo ng mga kumpanya at ng mismong Rehimeng US-Marcos.

Laganap pa rin ang paglabag sa karapatang pantao ng berdugong AFP, PNP at CAFGU lalo na ng 59TH IBPA na duguan ang kamay sa mga kaso ng pagpaslang sa mga sibilyan tulad ng kaso ni Kyllene Casao at ng

maysakit sa isip na si Maximino Digno. Kanilang ninanakaw ang mga pananim, kagamitan sa pagsasaka, at mga alagang hayop ng mga masa. Nilalabag nila ang International Humanitarian Law dahil sa kanilang overkill na paraan sa pakikidigma tulad ng nangyari sa labanan sa Malalay, Balayan na kumitil sa anim na kadre at Pulang mandirigma ng NPA. Sinasampahan ng 59th IBPA ng gawa-gawang kaso ang mga mamamayang lumalaban para sa kanilang karapatang pantao at sila'y tinatakot upang sapilitang pasukuin kapalit ng hungkag na pangako ng kabuhayan at mas malayang pamumuhay sa ilalim ng programang E-CLIP o Enhanced Comprehensive Local Integration Program. Tulad ng hitik sa kurapsyon na BDP o Barangay Development Program, ginagawang palabigasan lamang din ng mga militar ang E-CLIP. Binibigyan lamang nila ang mga biktima ng sapilitang pagpapasuko ng kakarampot na bigas at grocery habang pinagkakakitaan ng mga opisyal ng 59th IBPA ang kanilang pagsuko. Sa pagdating ng 16th IBPA sa Batangas, tiyak ang pagtutuloy ng paghahasik ng lagim ng berdugong Philippine Army, isang teroristang iskema upang hadlangan ang mamamayang Batangueño na lumaban para sa kanilang karapatan sa buhay at kabuhayan.

Ang mga isinaad na kalagayan ang batayan ng pananatili ng Bagong Hukbong Bayan sa lalawigan ng Batangas. Ang iba't ibang mukha ng kahirapan ang dahilan kung bakit patuloy na nagpupunyagi ang hukbo bilang pangunahing organisasyong masa na nagsusulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan. Sa absolutong pamumuno ng Partido, ipinatutupad ng BHB ang programa ng pambansa-demokratikong rebolusyon na lulutas sa daang taong kawalan ng sariling lupa ng mga magsasaka, ang pinakamayoryang uri sa lipunang malakolonyal at malapyudal.

Ang papasidhing karalitaan na dinadanas ng mayorya ng mga Batangueño ang siyang katiyakan na dadami ang sasampa sa Bagong Hukbong Bayan. Buo ang kumpyansa ng Eduardo Dagli Command na muling makakapagpalakas sa pamamagitan ng maramihang rekrutment sa masang magsasaka, manggagawa, kabataang estudyante at maralitang lungsod na nagnanais na ng rebolusyonaryong pagbabago. Sa darating na mga buwan at susunod na mga taon, malawakang isusulong ang rebolusyonaryong agraryo, pagbabayarin ang mga taksil sa rebolusyon at mga berdugong militar, at aagawin ang kanilang mga armas!

Tumungo sa kanayunan, humawak ng sandata at lumahok sa armadong pakikibaka! Ito ang panawagan ng Eduardo Dagli Command sa mga nasa wastong gulang at may masiglang pangangatawan na mabubuting anak ng bayan, higit lalo sa mga kabataang Batangueño na naghahangad nang matapos ang daan-taong pangaalipin at pagsasamantala ng mga naghaharing-uri sa masang anakpawis. Ang pagsusulong ng digmang bayan upang ipagtagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon ang tanging solusyon upang magtulak ng pundamental na pagbabago sa mahirap na kalagayan ng mamamayan ng Batangas at ng buong bansa. Hahawanin nito ang landas tungo sa sosyalistang lipunan, isang lipunang makatarungan, masagana, tunay na gagalang sa karapatang pantao, at magtitiyak ng kagalingan ng mamamayan.

**Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan! Digmang bayan, sagot sa kahirapan!**
**Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!**
**Mabuhay ang nakikibakang mamamayan!**